

Informational text sa pagbasa at pagkatuto sa Filipino 7

Macapaz, Maria Katrina S. ✉

DepEd-Toledo City Division, Philippines (mariakatrina.macapaz@deped.gov.ph)

Mandado, Juliet O.

Cebu Technological University -Main, Philippines



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

Received: 15 January 2023

Available Online: 31 May 2023

Revised: 20 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2014

Accepted: 5 May 2023

OPEN ACCESS

Abstract

This study aims to utilize and assess the effectiveness of informational text (InfoText) in developing students reading skills, specifically in Filipino 7, with deep understanding, thus increasing the level of reading comprehension. Thirty seventh-grade students participated in this study. The study was conducted at Matab-ang National High School, Matab-ang, Toledo City, Cebu, in the school year 2022-2023. Five instruments were utilized in this study: the pre-test, post-test, TOS, rubrics, and InfoText, which was personally crafted by the researchers and includes informational texts that contain folk songs anchored to the five competencies in reading that are validated by experts. A quasi-experimental design was conducted to assess the efficacy of InfoText in increasing the level of comprehension among the grade 7 students. It has been found that there was a large positive gap between the scores obtained from the pre-test and post-test. Based on the findings, the researchers stress the importance of the use of the InfoText strategy package, which made a significant contribution to the development of the respondents reading comprehension, and by continually using it as instructional material, it will be a great help in the teaching-learning process to enhance the reading comprehension skills of the students.

Keywords: informational text, quasi-experimental, academic texts, Filipino teaching, Toledo City, Cebu, Philippines

Informational text sa pagbasa at pagkatuto sa Filipino 7

1. Panimula

Ang pagbasa ay may malaking ginagampanan sa pamumuhay ng bawat tao. Ito’y isang gawaing di maihihiwalay sa aktibong proseso ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kanyang paligid lalo na sa mga mag-aaral antas pito na nagsisimula palang sumibol ang pakikipag-interakasyon sa lipunang ginagalawan. Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na kailangang malaman at paunlarin ng mga mag-aaral.. Ang mga mag-aaral na may malawak na pag-unawa ay kamangha-mangha hindi lamang dahil nakakabasa sila, kundi dahil naintindihan din nila ang nabasa. Gayunpaman, maraming mag-aaral ay nahihirapan pa ring maunawaan at maunawaan ang binabasa at may mahinang pagkaunawa sa nais ipahiwatig ng teksto.

Ang sitwasyong ito ay nakapagbibigay alarma at masasalaminan ng mas ibayong pagpapalano sa uri ng edukasyong ninanais sa kakayahan nating makamtan. Ang mga teksto (sa pagsusulit) ay pangunahin na nagbibigay-kaalaman at ang pagsusuri ng teksto at pag-unawa ay umikot sa tekstong pang-impormasyon at hindi salaysay, kung saan nakasanayan ng ating mga estudyante sa Pilipinas. Dagdag pa nito kulang sa mga babasahin ang ilang mga paaralan na nahihirapan mabigyan ng sapat na kopya ng mga makabuluhang babasahin na naayon sa lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral ang pangyayaring ito ay karaniwang suliranin ngayon sa kabuuan ng mga pampublikong paaralan sa Pilipinas ganoon din kapos sa Internet at malakas na koneksyon. Mahalagang mabigyan ng pansin ang pagtuturo sa mag- aaral ng pagbabasa ng may pag- unawa sapagkat ito ay lubhang kailangan sa pagsasagawa ng iba’t ibang gawain mula sa pagsunod sa mga panuto, sa pag- alam sa sino, ano, kailan, saan at bakit nangyari ang isang tiyak na pangyayari hanggang sa pakikipagtalastasan tungkol sa kahit na anong unawaan at layunin. Ang pag-unawa sa pagbabasa ay isang kumplikadong proseso na kinasasangkutan ng iba’t ibang mga kasanayang kognitibo at pangwika. Bilang isang resulta, ang mga kakulangan sa anumang kakayahan ay maaaring humantong sa kakulangan sa pagbabasa ng may pag- unawa. Sa simpleng panananaw, ang pagbasa ay pagpapahiwatig sa pag- unawa at kakayahan sa pag- decode at pag- unawa sa wika.

Ayon sa K-12 Reader (2017) ang pag-unawa sa pagbabasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Bukod dito, ang pag-unawa sa pagbabasa ay itinuturing na isa sa mahahalagang pangunahing sangkap din sa wikang Ingles ng mga mag-aaral, dahil nagiging batayan para sa isang mahusay na pakikitungo sa kaalaman ni Gilani (2018). Ang pag-unawa sa teksto ay mahalaga sapagkat madali itong nagbibigay ng kinakailangang ideya ng mga bagay na nais mong maunawaan at nais mo ring ibahagi sa mga nangangailangan.

Sa pag-aaral nina Varona at Mandado (2022) pinagtibay na ang pagbabasa ay isa sa mga kasanayang makro-lingguwistiko na unti-unting bumababa sa kasalukuyang antas ng kultura dahil sa pagkakaroon ng mass o social media at telebisyon na sa halip na magbasa, ang mga kabataan ay mas may hilig manuod o makinig, napakaraming mga detalye, nawala sila sa kaalaman. Ayon din kay Marollano (2021) ang paggamit ng interaktibong pagbasa ay lubhang kapaki-pakinabang sapagkat ang mga mag-aaral ay may pagkakataon na galugarin ang mga kasanayan sa pagbasa sa pag-unawa sa anumang teksto upang mapaunlad din ang mga kasanayan sa komunikasyon at madali lang maanalisa ng mag-aaral ang ideya tungkol sa binabasa .

Kinilala ng Department of Education (DepEd) ang pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa pangkalahatan sa Pilipinas kaya nabuo ang iilang mga programang pagbasa tulad ng DO 14, S.(2018) –Philippine Informal Reading Inventory & Oral Reading Verification at DO 13, S. (2018) - Learner’s Remediation Programs. Tiniyak ng kagawaran na ang mga ito ang pangunahing solusyon upang malunasan ang problemang ito, Suico (2016). Sa panahon ngayon, maraming mag-aaral ang nahihirapang maunawaan ang mga teksto, na nagdudulot ng kawalan ng interes na matuto. Ang ilang mga halimbawa ay ang pagbabasa ng panitikan sa ibang wika o daluyan na hindi masyadong nauunawaan sapagkat hindi ito ang pamilyar na wika. Ang mga problema sa pag-unawa sa pagbabasa ay madalas na nangyayari sanhi ng kawalan ng karanasan at kaalaman ng mga mag-aaral Aranda et.al.

(2019).

Ayon kay Shoebottom (2019) ang mga dahilan mapagkukunan ng paghihirap sa pag-unawa sa teksto ay ang kaalaman sa wika, hindi kilalang mga salita, kumplikadong syntax. Tulad ng natagpuan ni Akbari (2021) sa kanyang pagsasaliksik, ang ilan sa mga problema sa pag-unawa ay nagmula sa kawalan ng gramatika. Ang mga pangunahing tanong sa pagsubok sa pagbasa ay sumasaklaw sa pangunahing ideya, paghahanap ng mga sanggunian, pag-unawa sa mahirap na salita, at paghuhusga batay sa pagbabasa. Ayon sa nagiging Resulta ng Programme for International Student Assessment o PISA (2018), ang Pilipinas ang may pinakamababang antas ng komprehensiyon sa pagbasa sa 79 lumahok dito. Ang PISA ay isang pag-aaral na ginagawa nang Organization for Economic Co-operation and Development sa buong mundo upang tayahin ang kaalaman ng mag-aaral sa pagbasa, matematika at siyensya, San Juan (2021).

Ayon kay Ramos (2019) ang naturang resulta ay patunay lamang na kapos sa pag-unawa sa pagbasa ang ating mga mag-aaral sa Pilipinas at nananatiling suliranin magpahanggang ngayon ng mga guro lalo pa't tayo ay dumaan sa dalawang taong modular distance learning na walang aktuwal na interaksyon ang guro at mag-aaral sa klase na kung saan may malaking nangyaring learning loss sa ating mga mag-aaral. Gayundin sa empirikal na datos ng mananaliksik kaya naisagawa ang pag-aaral na ito sa isa sa mataas na paaralan ng Toledo City Division ang Matabang National High School. Nabuo ang isang pag-aaral tungkol sa pagbasa at pagkatuto sa Filipino na mapataas ang komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng Informational Text na pagbasa at nakabuo at nalinang ang kagamitang pagtuturo sa pagbasa.

Kasabay nito, nais din ng mananaliksik na matuklasan ang mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ito ay maging batayan upang mabigyan ng kasagutan ang napakalaking hamon ng mga guro sa pagtuturo ng kasanayang pagbasa sa Filipino 7. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay ang mungkahing paketeng estratehiyang Informational Text sa pagbasa upang mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 7 at matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa gawain maunawang pagbasa. Nang sa gayon lahat ng mag-aaral ay pawang nakakabasa na ng may pang-unawa.

Ang teoryang interaktibo ay pinaniniwalaan na makakamit ang mataas na kahusayan sa pagbasa kung may mahigpit na pagkakaunawaan sa wika at sa talasalitaang ginamit, sa mensaheng nais ihatid, sa konsepto at kayarian ng teksto sa kabuuan nito ang awtor ng teksto at mambabasa ng nasabing teksto. Isa pa sa pinaniniwala ng teoryang interaktibo na kung maraming hinihingi ang mga mambabasa na hindi kanyang ibigay ng awtor hindi lubusang maiintindihan ang mensaheng nais ipabatid ng awtor gayundin naman sa mga mambabasa kung sila ay walang sapat na kakayahan hindi nila lubusang maiintindihan ang mensaheng ihahatid ng awtor.

Isa sa mga indikasyon ng pagkatuto ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa anumang tekstong binabasa upang mapaunlad ang kakayahang pangkaisipan at ang diwa na napapaloob sa bawat impormasyong makapaglulutas ng mga suliranin o makadadagdag ng ibayong kaalaman. Ayon nga sa pag-aaral na isinagawa ni Peranco (2021) ang pagkabigong magkaroon ng malalim na pang-unawa ng mga mag-aaral ay isang kabiguang maituturing din ng mga guro. Ayon sa Pearson and Johnson taxonomy na isinagawa nina Pearson and Johnson (1972) at binigyan-diin din sa pag-aaral ni Dole (2019) na may tatlong katagorya ang pag-unawa sa binasa ito ay ang literal, inferensyal at proposisyunal na lebel ng pagbasa.

Ang literal na pag-unawa ay ang pangunahing pag-unawa sa teksto, kadalasang sinasagot lamang ang mga tanong tulad ng sino, ano, kailan, at saan. Ang inferensyal na pang-unawa naman ay nangangailangan ang mambabasa na mag-ugnay ng mga ideya sa loob ng teksto na hindi tahasang nakasaad. Madalas na sinasagot ng mga inferensyal na tanong tulang ng: bakit o paano. Isinasaalang-alang din ng inferensyal na pag-unawa ang layunin ng may-akda, pagpili ng salita, at tono ng teksto. Samantala, ang proposisyunal na lebel ng pang-unawa ay gumagamit ng pinaghalong literal at inferensyal na kaalaman ng teksto at iniuugnay ito sa iba pang mga mapagkukunang impormasyon o scenario na maaaring kaligiran ng kaalaman o impormasyon mula sa ibang teksto. Kapag ipinakita ang bagong impormasyon, maaaring bigyang buhay ng mambabasa na baguhin o dugtungan mula sa kanilang pag-iisip at bigyan ng ibayong tugon o kilos ang natutunan sa teksto.

Pinaniniwalaang ang teksto ay walang kahulugang taglay sa sarili. Ito (teksto) ay nagbibigay lamang ng direkson sa nakikinig o mambabasa kung paano gagamitin at magpapakahulugan mula sa dating kaalaman. Ayon kay Perfecio (2019) binigyang-diin o empasis ng teoryang pearson at Jonhson taxonomy ay ang pag-unawa bilang proseso at hindi bilang isang produkto. Paano mararating ng mag-aaral ang gayong sagot tama man o mali. Sinusuri natin ang mga proseso sa kasagutan ng mag-aaral. Sa interaktibong prosesong ito, matutulungan ng guro ang mambabasa upang lubos niyang maunawaan ang teksto. Ito ay mahalaga ang larangan ng metakognisyon na nahihinggil sa kamalayan at kabatiran sa taglay na kaalaman, gayon din sa angking kasanayan at ang paghahatid sa mga kasanayang ito.

Ayon sa teoryang interaktib ang teksto ay kumakatawan sa wika at kaisipan ng awtor sa pag-unawa nito, ang isang mambabasa ay gumagamit ng kanyang kaalaman sa wika at mga sariling konsepto o kaisipan. Dito nagaganap ang interaksyong awtor-mambabasa at mambabasa-awtor. Ang interaksyon, kung gayon ay may dalawang direksyon o bi-directional. Masasabing ito ay isang pagbibigay diin sa pag-unawa sa pagbasa bilang isang proseso at hindi bilang produkto.

Sa kabilang banda ang pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa maunawang pagbabasa sa panahon ng pandemya ay may malaking hamon lalo pa't ang mga mag-aaral ay na sa modyular na pagkatuto. Ang modular learning is a form of distance learning that uses Self-Learning Modules (SLM) based on the most essential learning competencies (MELCS) provided by DepEd (Manlangit. 2018). Ito ay isang sistemang ginawa ng Department of Education o DepEd upang makapag-aral pa rin ang mga studyante kahit hindi pumapasok sa paaralan.

Gayunpaman, maraming agam-agam, mga tanong at reaksyon lalo na sa mga magulang kung saan sila ang pangunahing tagapagturo sa kanilang mga anak ng mga leksyon gamit ang mga modyul. Sa pagnanais na maipagpatuloy ang adhikain ng Departamento ng Edukasyon na mabigyan ng wasto at higit pang kaalaman ang bawat bata nabuo ang DO 13, S. (2018)- Learner's Remediation Program sa mga paaralan upang bumuo ng mga alternatibong programa gaya ng ECARP (Every Child A Reader Program), School-Based tutorial at Reading remediation program, online reading at iba pa na isinasagawa ng mga guro upang higit pang madagdagan ang kasanayan ng mga bata sa pagbabasa. Sa huli, ayon pa kay Sevilla (2018). "Ang pagbabasa ay nararapat na matutunan ng lahat. Ang paggabay ng mga magulang habang tayo ay nasa gitna pa rin ng pandemya, ay malaking pag-asa ang dala.

Upang magtagumapay ang kagawaran ng Eduksyon sa adhikain nito, kailangang munang malinang ang paggamit ng wika ng mga mag-aaral upang madebelop ang 21st Century Skills nang sa ganun magagawa nating maipagmalaki ang pandaigdigang kakayahan ng mga mag-aaral at magagawang makipagsabayan sa husay at galing nito sa buong mundo.

2. Pamamaraan

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitabong pag-aaral na may quasi-experimental na desinyo sa pag-aaral ng kaso at gumamit ng purposive sampling. Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang tatlong (30) mag-aaral sa antas 7 na binigyan ng paunang pagtataya(pre-test) bago inilantad sa estratehiyang InfoText at panapos na pagtataya(posttest) na gamit ang InfoText. Binigyan din ng talatanungan ang mga mag-aaral pagkatapos ang panapos na pagtataya(posttest) upang malaman ang kanilang naging tugon matapos silang mailantad sa estratehiyang InfoText.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng pre-test at post-test na sinagot ng mga kalahok ng pag-aaral at naglalaman ng mga informational text. Mula rin sa mga karaniwang suliranin o sagabal na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nakapagbigay din ng interbensyon mula sa mga gawang learning modyul ng mga mananaliksik na idenisinyo para sa pag-aaral na ito.Sa gayong paraan, natasa ang kasanayan sa pagbasa gamit ang mga Informational text at nakita na may malaking kaibahan o pagtaas ng mga iskor ng mag-aaral sa Grade 7 ng Matabang National High School taong panuruan 2022-2023 kaya naidesinyo ang isang paketeng

estrateryang InfoText bilang pantulong at gabay sa pag-unawa o interbensyon sa pagbabasa ng mga teksto.

Ang pagpili sa mga naging kalahok ay hindi limitado sa gulang at kasarian ng mga mag-aaral sapagkat ito'y base sa naging karanasan o nararanasan nila sa mga isyung kinakaharap sa gawaing pagbasa at ang kanilang tugon sa isinagawang interbensyon ng mananaliksik. Ang proseso ng pananaliksik ay nagpapakita ng sistematikong pananaw sa naging daloy ng pag-aaral. Ayon sa sumusunod, Una ang input ang iskor sa Pretest at Posttest ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa teksto batay sa kategoryang; literal, inferensyal, at prosisyunal na may karampatang kompetensi mula sa MELC sa unang markahan. Ang pamaraang Informational Text ang ginamit sa pagbasa ng teksto ng mga mag-aaral. Kasunod nito ay ang pagkuha ng pagkakaiba sa iskor ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa teksto batay sa mga kategorya. Pangalawa, ang proseso dito ang pananaliksik ay sinimulan sa pagpasa ng liham pahintulot. Pagkatapos ay nagbibigay ng Pre-test kasunod ang interbensyon.

Isasagawa naman ang paggamit ng pamaraang InfoText sa pag-unawang pagbasa sa pagtuturo, at gamit ang learning modyuls na personal na idenisenyo sa pag-aaral para sa pag-aaral na ito. Ibibigay ang posttest ng pagtuturo upang makakalap ng mga datos mula sa iskor ng mga mag-aaral. Bibigyan ito ng pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos na nalikom ng mananaliksik. Pagkatapos na maisaayos at mailatag ang mga datos. Sa huli ang awtput sa bahagi na ito ng pananaliksik ay inasahang mabuo ang isang "Paketeng estrateryang InfoText bilang pantulong sa pag-unawa sa pagbasa". Ang gawaing pagkatuto (learning modyul) na binuo ay nakaangkla sa Most Essential Learning Competencies ng Kagawaran ng Edukasyon. Gayundin ang mga rubriks at mga infotext aytem na makikita sa modyuls at talatanungan na matagumpay na ginamit sa sa proses ng pagbibigay interbensyon.

Sa pagkuha sa iskor ng mga mag-aaral ang sumunod ay ang pag-aantas na ginamit: 9-10 - Lubhang Mahusay, 7-10 -mahusay, 5-6 – papalapit sa pagiging mahusay, at 3-4 -nagpapaunlad, at 1-2, nagsisimula. Sa pagtamo ng sstatistikal na pagtugon , masukat at masuri ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ang mga sumusunod ang ginamit sa pagsuri sa mga datos na linikom. (1) Mean ito ay ginamit sa pagtukoy sa pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral na pag-unawa sa binasa at ginamit upang maipresenta ang una at pangalawanag katanungan mula sa paglalahad ng suliranin. (2) Standard deviation ito ay ginamit sa pagtukoy kung gaano makalapit o magkalayo ang iskor ng mga mag-aaral sa pre-test o posttest. At ginamit bilang tugon sa una at pangalawanag katanungan mula sa paglalahad ng suliranin.(3)Weighted mean ito ay ginamit sa pagtukoy sa ikalawang katanungan sa paggamit ng limang kompetensi at ang kahalagahan ng agwat ng resulta sa nakuhang iskor sa Pre-test at Posttest mula sa tatlong lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa nang may pag-unawa gamit ang "Informational Text" (4)Paired T- Test ito ay ginamit sa paghahambing sa pagkakaiba ng agawat ng iskor mula sa Pre-test patungo Post-test gamit ang InfoText.

3. Resulta at pagtalakay

Sa bahaging ito, inilahad ang mga datos na nakalap na iskor sa pretest sa kasanayan sa pagbasa ay inilahad na mayroong mean iskor, standard deviation at kategoryang pagbasa na may pag-unawa batay sa tatlong (3) lebel sa pag-unawa sa binasa ang literal, inferensyal at proposisyonal. Prettest. Ang iskor sa pretest ng mga kalahok na mag-aaral ayon sa tatlong lebel sa pag-unawa sa pagbasa ay iprenesenta sa talahayan 2.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita sa mean iskor, standard deviation ng bawat lebel sa pagbasa at batay narin sa nakuhang antas ng interpretasyon ng kakayahan. Nakakuha ang mga mag-aaral ng antas ng interpretasyon na papalapit sa pagiging mahusay na lebel ng pagbasa na literal na may mean iskor na 5.03 at may standard deviation na 1.09. Sa ikalawang lebel naman na Inferensyal ay nakakuha ng mean iskor na 4.23 at standard deviation na 1.33 samantala ang may pinakamababang mean iskor na 3.70 at standard deviation na 1.25 ay ang lebel sa pagbasa na proposisyunal. Sa kabuuan, ang antas ng interpretasyon sa lebel ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay malinaw na mababa at nangangailangan ng mas malalimang interbesnyon na binigyang-linaw sa kabuuang nakuha na mean na iskor na 4.33 at standard deviation na 1.25.

Talahanayan 1

Kasanayan sa Pagbasa ng mga Kalahok ayon sa Pre-test

LEBEL SA PAGBASA	SCORES		KATEGORYA
	Mean, x	Std Dev, s	
Literal	5.03	1.09	Papalapit sa pagiging Mahusay
Inferensyal	4.23	1.33	Nagpapaunlad
Proposisyunal	3.70	0.92	Nagpapaunlad
Kabuuan	4.33	1.25	Nagpapaunlad

Legend: (9-10) Lubhang Mahusay, (7-8) Mahusay, (5-6) Papalapit sa pagiging mahusay, (3-4) Nagpapaunlad, (1-2) Nagsisimula

Base sa datos, ang kasanayan sa lebel ng pag-unawa sa binasa na literal ay maiaantas sa kategoryang papalapit sa pagiging mahusay sumasalamin ito na ang mga mag-aaral ay may kaunting kasanayan sa pag-unawa ng mga konsepto sa loob ng teksto sa literal na pagpapakahulugan lamang. Samantala, nakakuha naman ng markang nagpapaunlad pa lamang sa kasanayan ang lebel sa pagbasa na Inferensyal at Proposisyunal. Binigyang-diin nina Reyes at Dorado (2020) na kinakailangan sanayin ang mga mag-aaral sa mga pasulit na may nababasang mga teksto upang mas mahasa ang kanilang metakognasyon at mataas na pang-unawa sa mga pangyayari o etalye sa iba't ibang babasahin lalo na sa panitikan na naglalayong magkaroon ng isang interaktibong pamamaraan sa pagbasa.

Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng mga datos na karamihan sa mga mag-aaral ay nabibilang ang kakayahan sa pag-unawa sa binasa sa lebel na “nagpapaunlad pa lamang” mula sa naging resulta ng Pretest sa tatlong lebel sa pag-unawa sa pagbasa. Isang nakababahalang resulta maituturing na sa kasanayan sa pagbasa marami sa mag-aaral ay may mababa pa ang lebel sa pang-unawa.

Talahanayan 2

Mga Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Pamaraang Infotext

WEIGHTED MEAN	KATEGORYA	SALOOBIN
1. Maayos na nagamit ang Infotext sa pamamaraang <i>pagtukoy sa Detalye/ Pangunahing Ideya</i> batay sa interaktibong gawain sa modyul na inihanda ng aming guro.	4.83	Lubos na Sumasang-ayon
2. Naging epektibo para sa akin ang pag-unawa sa binasa gamit ang pamamaraang <i>pagtukoy sa Detalye/ Pangunahing Ideya</i>	4.47	Lubos na Sumasang-ayon
3. Maayos na nagamit ang Infotext sa pamamaraang <i>Paghihinuha sa mahalagang pangyayari</i> batay sa interaktibong gawain sa modyul na inihanda ng aming guro.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
4. Naging epektibo para sa akin ang pag-unawa sa binasa gamit ang pamamaraang <i>Paghihinuha sa mahalagang pangyayari</i>	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
5. Maayos na nagamit ang Infotext sa pamamaraang <i>Sanhi at Bunga ng pangyayari</i> batay sa interaktibong gawain sa modyul na inihanda ng guro.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
6. Naging epektibo para sa akin ang pag-unawa sa binasa gamit ang pamamaraang <i>Sanhi at Bunga ng pangyayari</i>	4.53	Lubos na Sumasang-ayon
7. Maayos na nagamit ang Infotext sa pamamaraang <i>Paglutas ng Suliranin</i> sa interaktibong gawain batay sa modyul na inihanda ng guro.	4.87	Lubos na Sumasang-ayon
8. Naging epektibo para sa akin ang pag-unawa sa binasa gamit ang pamamaraang <i>Paglutas ng Suliranin</i>	4.63	Lubos na Sumasang-ayon
9. Maayos na nagamit ang Infotext sa pamamaraang <i>Nakapagsusuri ng pagkamakatotohanan sa pangyayari</i> batay sa interaktibong gawain sa modyul na inihanda ng aming guro.	4.33	Lubos na Sumasang-ayon
10. Naging epektibo para sa akin ang pag-unawa sa binasa gamit ang pamamaraang <i>Nakapagsusuri ng pagkamakatotohanan sa pangyayari</i>	4.67	Lubos na Sumasang-ayon

Legend: (4.21-5.00) Lubos na sumasang-ayon, (3.41-4.20) Sumasang-ayon, (2.61-3.40) Hindi sigurado, (1.81-2.60) Hindi sumasang-ayon, (1.00-1.80) Lubos na hindi sumasang-ayon

Ipinapakita sa talahanayan 2 ay nagpapakita sa weighted mean sa naging tugon ng mga mag-aaral sa saloobin sa pamamaraang infotext gamit sa pagbasa. Nakakuha ng may pinakamataas na weighted mean na 4.87 at 4.63 sa ilalim ng kategoryang Lubos na sumasang-ayon ang pamamaraang *Paglutas ng Suliranin*. Pangalawa, ang pamamamaraang *pagtukoy sa Detalye/ Pangunahing Ideya* na may weighted mean na 4.83 at 4.47 sa ilalim ng kategoryang Lubos na sumasang-ayon. Pangatlo, ang pamamaraang *Nakapagsusuri ng pagkamakatotohanan*

sa pangyayari na may weighted mean na 4.33 at 4.67 sa ilalim ng kategoryang Lubos na sumasang-ayon. Pang-apat naman ang sa pamamaraang Sanhi at Bunga ng pangyayari na may weigthed mean na 4.60 at 4.53 sa ilalim ng kategoryang Lubos na sumasang-ayon. at Pang-lima, ang Paghihinuha sa mahalagang pangyayari na ma weighted mean na parehong 4.60 sa ilalim ng kategoryang Lubos na sumasang-ayon.

Ayon kay Narvasa at Cajuntic (2018) ang pagbasa ay isang kasanayan na nangangailangan ng interaktibong proseso sa pagsasanay. Hindi tulad ng pagsulat na kinakailangan lamang tandaan ang mga nakalimbag na simbolo at isulat ito ayon sa tono ng pantig. Sa pagbasa natural na kakailanganin ang maraming kasanayan o kompetensi at pamamaraan upang masigurado na malinang ang mataas na lebel sa pag-unawa sa binasa. Sa kabuuan, ang pagbibigay ng positibong tugon ng mga mag-aaral na maayos na nagamit ng mga mananaliksik ang Infotext at epektibong nagamit bilang interaktibong estratehiya sa limang (5) pamamaraan alinsunod sa competencies ng antas 7 ay patunay lamang na ang estratehiyang InfoText ay may malaking ambag sa pagpapataas ng lebel sa pag-unawa sa pagbasa ng ating mga mag-aaral. Kung gayon, mula sa naihayag na mga datos masasabi ng mga mananaliksik na isang magandang resulta ng pag-aaral maituturing.

Talahanayan 3

Kasanayan sa Pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa Posttest

Kategorya sa Pag-unawa sa Pagbasa	SCORES		Antas ng Kasanayan sa Pagbasa
	Mean, x	Std Dev, s	
Literal	9.00	1.11	Lubhang Mahusay
Inferensyal	8.53	0.73	Lubhang Mahusay
Proposisyunal	8.33	1.45	Mahusay
Pangkabuuan	8.62	1.16	Lubhang Mahusay

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita sa mean iskor, standard deviation at lebel ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nakabatay sa binanggit na tatlong kategorya ang Literal, Inferensyal at Proposisyunal. Sa nakapaloob na talahanayan 4 nakakuha ang mga mag-aaral ng pinakamataas na weighted mean na 9.00 at may standard deviation na 1.11 sa kategoryang literal. pangalawa, ang Inferensyal na may weighted mean na 8.53 at standard deviation na 0.73 at Pangatlo, ang Proposisyunal na may weighted mean na 8.33 at standard deviation na 1.45. Natuklasan sa pag-aaral ni Guinoo et.al. (2019) na karamihan sa mga mag-aaral na naging kalahok sa kanilang pag-aaral ay may kasanayan sa pagkilala ng salita ayon sa bigkas nito, parirala at maging pangungusap ngunit may kahinaan na sa pag-unawa sa mismong pagpapakahulugan nito. Naniniwala rin ang mananaliksik na hindi ito sapat upang masabi nating may nauunawaan na sila sa binabasa mahalaga parin na sa pagbuo ng isang talatanungan ay mataya ng guro ang lebel na pag-unawa ng mag-aaral ayon sa pagdesinyo ng isang talatanungan na may klasipikasyon sa intensidad ng pag-unawa. Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng mga datos na mataas ang pag-unlad ng lebel ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat sila ay nakakuha ng markang lubhang mahusay sa lebel “literal at Inferensyal sa pagbasa at mahusay naman sa lebel proposisyunal positibong epektibo sa paggamit ng mga informational text mula sa bawat aytem ng mga talatanungang ginamit sa pagsasagawa ng Posttest.

Talahanayan 4

Makabuluhang Pagkakaiba sa pagitan ng Posttest at Pretest

COMPETENCIE S	Pre-test		Posttest		Paired T-Test Pvalue	Significant Level, ∞	DECISION	REMARKS
	X_2	S ₂	X_1	S ₁				
Literal	9.00	1.11	5.03	1.09	$1.70 \times 10^{-13} < 0.05$		Reject Ho	Makabuluhan
Inferensyal	8.53	0.73	4.23	1.33	$1.49 \times 10^{-14} < 0.05$		Reject Ho	Makabuluhan
Proposisyunal	8.33	1.45	3.70	0.92	$8.18 \times 10^{-15} < 0.05$		Reject Ho	Makabuluhan

Makikita sa talahanayan 4 ang makabuluhang pagkakaiba na natamo ng mga respondente sa pagitan ng mean at standard deviation ng Pre-test at Post test, ang makabuluhang pagkakaiba sa T Computed Value at T Critical Value, ang Desisyon at Remarks alinsunod sa tatlong lebel ng pag-unawa sa pagbasa. Inilahad sa

talahanayan 5 na may 5% antas ng kahalagahan, ibig saibihin may sapat na dahilan para tanggihan ang null hypothesis. Ang pagtulong sa mga mag-aaral upang maging mahusay na mambabasa ay isang mahalagang bahagi sa proseso ng edukasyon. Ang mga mag-aaral ay kinakailangang magkaroon ng mga impormasyon mula sa iba't ibang teksto, magkaroon ng kaalaman sa paggamit ng mga teksto o mga babasahin sa paglutas ng mga suliranin at magkaroon ng isang mapanuring pagkikilatis sa mga impormasyong ipinakita ng mga teksto. Subalit, ang pagbibigay ng mga paraan na makalilalang ng kakayahan sa pagbasa ay maaaring komplikado at mapanghamong gawain. Kaya, dapat masanay ang mga guro at ang mga mag-aaral sa isang kritikal na pagbasa Anderman (2019). Patunay na ang paglalahad ng kaibahan sa iskor sa pretest at Posttest ay nangangahulugan lamang na may makabuluhang pagkakaiba sa pre test at post test bago at pagkatapos gamitin ang nasabing interbensiyon batay sa limang pamamaraang paggamit ng InfoText alinsunod sa pampagkatuto o learning competency ng antas 7. Nagpapatunay lamang na ang paglalantad ng mga mag-aaral sa estratehiyang InfoText ay ginamit para matamo ang pagpapaulad o pagpapataas ng lebel ng pag-unawa sa pagbasa.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Ang Paketeng Estratehiyang InfoText ay naging tugon sa pag-unlad ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Higit sa lahat maaring gamitin ng mga guro ang prosesong “Paketeng Estratehikong Pagbasa at Pagkatuto sa InfoText” upang mas masanay ang lahat ng antas ng mag-aaral sa sekondarya sa pagbasa lalo na sa pagtangkilik ng mga panitikang pangrehiyunal bilang estratehiya sa aktibong isipan ng mag-aaral at magamit nila ito sa makabuluhang gawain bilang pantulong sa pagtamo na rin ng mga kompetensi o kasanayan.

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral, inirekomenda ng mga mananaliksik na gamitin ang “**Paketeng Estratehiyang Pagbasa at Pagkatuto sa InfoText**” na kinapalolooban ng mga kompetensi sa pagbasa, learning modyul na may angkop na mga interaktibong mga aktibi o gawain. Sa mga tekstong awiting-bayan na Bisaya na komptensi sa pagtuklas at pag-unlad ng mga kaalaman at kasanayan sa pagbsasa sa lahat ng antas at markahan sa Filipino. Magdisenyo pa ng iba pang mga talatanungan gamit ang mga InfoText sa bawat aytem na nakapaloob upang masanay ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng may pang-unawa maging ang pagsasagawa ng mga interbensyon bago ang posttest. Gamitin ng mga guro ang nabuong kagamitan sa pagtuturo-pagkatuto upang matugunan ang kakulangan sa kasanayan. Higit sa lahat maglaan ng oras ang mga guro para sa mga pagdalo ng palihan. Kalakip nito ay ang pagpapakilala ng paketing InfoText na magagamit sa kasanayang pagbasa.

5. Sanggunian

- Abad, M. A., & Ruedas, P. O. (2001). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- Amog, J. P., & Camoro, C. L. (2020). Kalinagan ng mga Akda Junior High School gamit ang lokalidadong materyal. *PSU Multidisciplinary Research Journal*, 4(1).
- Bacalla, L.A. (2019). *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Hango <https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/175>
- Badayos, P. A. (2021). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng wika*. Makati City, Grandwater Publications and Research corporation.
- DO 14, S. (2018) -Policy on the administration of the revised Philippine Informal Informal Reading Inventory. Hango mula <https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018>
- DO 13, S. (2018)-Learner’s Remediation Programs Implementing guidelines on the conduct of remedial classes. Hango mula sa <https://www.deped.gov.ph/2018/03/23/do-13-s-2018>
- Deped. (2017). The learning action cell as a K to 12 basic education program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning. Hango mula sa <https://www.deped.gov.ph/2016/06/07/do-35-s-2016>
- Gillano, S. E. (2020) *Pagbuo at paggamit ng lokalidadong materyal sa pampagkatuto o sa paglinang ng kasanayan sa pagbas at pag-unawa*. Unpublished master’s thesis. Cebu Normal University, Cebu City.
- Guinoo, et al. (2019). *Lebel ng na kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino*. Hango mula

- <https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/172>
- Pamposa, R.–L. (2019). Tekstong salin ng mga piling awiting-b ayan sa ika-apat na distrito ng Iloilo. *Asia Pacific of Multidisciplinary Research*, 7(1), 70.
- Ramos, A. S., & Peranco, R. C. (2021). *Antas ng kasanayan sa pagbasa tungo sa pagtamo ng isang pambansang literasi*. Hango mula <https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/175>
- Perfecio, E.F. (2023). Pagbuo ng isang mungkahing modyul para sa pagtuturo ng pagsulat sa baitang 7 kurikulum sa Filipino. *Unpublished Disseration Philippine Normal University*
- Republic Act No. 10533. (2013)*. An act enhancing the Philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education. *Hango mula* <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Rodríguez, G, Perez, N., Núñez, G. et al. (2019). Developing creative and research skills through an open and interprofessional inquiry-based learning course. *BMC Med Educ*, 19, 134. <https://doi.org/10.1186/s12909-019-1563-5>
- Varona, F., & Mandado, J. O. (2022). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.186>
- Villaforte, V.T. (2018). Panunuring pampanitikan (Genre at damdamin). Mega Jesta Prints.

